

SAN GABRIEL VALLEY WATER COMPANY
ABISO NG
PROGRAMA SA TULONG SA EMERHENSİYANG KALAMIDAD

Kapag ang Katayuan sa Emerhensiya (maliban sa tagtuyot) ay idineklara ng Tanggapan ng Gobernador ng California o ng Pangulo ng Estados Unidos, magbibigay ang San Gabriel ng sumusunod na mga proteksyon sa lahat ng mga residente at may-ari ng maliliit na mga negosyo (kabilang ang hindi mga customer) na naapektuhan ng pagkawala o pagkagambala ng panustos ng tubig o pagbaba ng kalidad ng serbisyo sa tubig, o sa istruktura na nagiging hindi angkop na tirahan, kahit pa ang idineklarang emerhensiya ay hindi kaugnay sa tubig (hal. laganap na bagyong apoy):

- Pagsuspende ng deposito at pagpapaubaya ng mga singil sa muling pagkonekta para sa mga residenteng humihiling na muling itatag ang serbisyo nang hanggang isang taon para sa apektadong mga customer
- Pagpapabilis ng mga tugon sa mga kahilingan sa pagtutuloy at paghihinto ng serbisyo
- Paglikha ng mga opsyon sa plano sa pagbabayad
- Pagbibigay ng suporta sa mga customer na mababa ang kita
- Pagpapaubaya ng mga singil para sa mga biktima na nawalan ng kanilang mga tahanan o ang mga tahanan nila ay naging hindi angkop na tirahan
- Pagbibigay ng pagpapaubaya na pro rata ng anumang permanenteng elemento ng singil sa tubig para sa panahon na ang tahanan ay hindi angkop na tirahan, kahit pa ang dahilan para sa pagiging hindi angkop na tirahan ay hindi ang pagkawala ng tubig
- Pakikipagtulungan sa apketadong mga customer upang lutasin ang mga hindi nabayarang singil at bawasan ang mga pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad
- Pagbibigay sa mga nangungupahan na hindi nakapangalan sa account at gustong lumipat sa loob ng lugar ng serbisyo ng parehong mga proteksyon sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na kilalanin ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paghayag na ang kanilang tirahan ay nasa lugar ng kalamidad, at pahintulutan sila na muling magtatag ng serbisyo sa tubig
- Pakikipagtulungan sa Tanggapan ng mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador at ng Kagawaran ng Kagubatan at Proteksyon sa Sunog sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon na tumutulong sa mga entidad na ito sa pagsasagawa ng kanilang misyon
- Pagsasagawa ng taunang outreach at pagpapabatid ng mga proteksyong ito sa pamamagitan ng outreach sa komunidad, mga webpage, at mga pagpapayo sa media

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa aming website sa www.sqvwater.com. Kung mayroon kang mga tanong o gustong kumausap ng isang kinatawan ng San Gabriel Valley Water Company, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa aming Tanggapan sa El Monte (626)448-6183, Tanggapan sa Whitter (562)699-1041, o Tanggapan sa Industry (626)330-1628.